

Ang SPICT-LIS™ ay tumutulong upang mas maagang matukoy ang kondisyong nagpapaikli ng buhay, lalo na sa mga lugar na may limitadong kakayahang medikal at panlipunan. Layunin nitong imungkahi ang pinakaangkop at makakayang mga gamutan, suriin ang mga hindi pa natutugunang pangangailangan sa supportive at palliative care, at magplano ng naaangkop na pangangalaga batay sa kalagayan ng pasyente.

Tukuyin ang isa o higit pang mga nagpapahiwatig ng lumalala o lumulubhang lagay ng kalusugan.

- ☐ Hindi mabuti o lumulubhang kakayanan sa paggawa ng mga pangaraw-araw na gawain. (Halimbawa, kadalasang nasa higaan o pananatiling nakaupo ng higit sa kalahating araw.)
- ☐ Umaasa sa iba para sa mga kailangang pangangalaga dahil sa patuloy na paglala ng mga pisikal at pangkaisipang kondisyon. Ang tagapagalaga ay nangangailangan na rin ng karagdagang pansariling tulong at suporta upang mapanatili ang kanyang kakayahang mag-alaga.
- ☐ Patuloy na pagbaba ng timbang. Pananatiling mababa ang timbang. Pagbigat dahil sa hindi mawalang pamamanas.
- ☐ Nananatili pa rin ang mga sintomas kahit nakatatanggap na ng pinakaangkop na gamutan; o hindi pa nakatatanggap ng anumang gamutan dahil sa kamahalan nito o sa layo ng pasilidad.
- ☐ Nais bigyang tuon ang kalidad ng kanyang buhay. Pinipiling bawasan, itigil o hindi na ipagpatuloy ang gamutan. Nagtatanong tungkol sa palliative care o humihiling nito bilang bahagi ng pangangalaga.
- ☐ Mga biglaang pagpapa-ospital; pagdalas ng pagpapakonsulta sa mga healthcare facility tulad ng ospital, klinika, at health center bunga ng lumalalang kondisyon o mga komplikasyon ng sakit.

Tukuyin ang isa o higit pang mga klinikal na kondisyon na nakakapagpahina o nakakaapekto sa kakayahang mamuhay nang pangkaraniwan sa araw-araw.

Kanser

- ☐ Kanser na lumulubha o kumakalat at may mga sintomas at patuloy na panghihina ng katawan.
- ☐ Kawalan ng lakas at sobrang panghihina para sumailalim sa gamutan; o ang paggamot sa kanser ay para lamang sa pagkontrol ng mga sintomas (tulad ng kirot o pananakit); o hindi available ang mga kinakailangang gamot para sa kanser tulad ng radiotherapy, chemotherapy o iba pa.

Sakit sa pagkalimot o 'dementia' at labis na panghihina o 'frailty'

- ☐ Walang kakayahang magbihis, maglakad, o kumain.
- ☐ Kawalan ng gana kumain at uminom; hirap sa pag lunok.
- ☐ Kawalan ng kontrol sa pag-ihi at pagdumi.
- ☐ Hindi kayang makipagkomunikasyon sa pamamagitan ng pagsasalita; may napakakaunting pakikisalamuha sa ibang tao.
- ☐ Madalas na pagkahulog; pagka-bali ng buto sa hita.
- ☐ Pabalik-balik na impeksiyon; kabilang ang aspiration pneumonia (impeksiyong sanhi ng pagkalanghap ng laway, pagkain o anumang bagay maliban sa hangin).

Sakit sa puso o mga daluyan ng dugo

- ☐ Malubhang sakit sa puso (Heart failure) o malala at hindi na magagamot na sakit ng mga ugat sa puso (Coronary Artery Disease). Pagkahingal o pagsakit ng dibdib kahit sa kaunting pagkilos o kahit nagpapahinga.
- ☐ Malubhang sakit sa mga daluyan ng dugo na hindi na kayang operahan.

Sakit sa baga

- ☐ Malubha at matagalang sakit sa baga. Pagkahingal o pananakit ng dibdib kahit kaunting pagkilos o habang nagpapahinga.
- ☐ Patuloy na mababang oxygen sa katawan sa kabila ng matagalang pag gamit ng respiratory support tulad ng oxygen tank, concentrator, at iba pa.
- ☐ Atake sa baga (tulad ng asthma, emphysema, at iba pa) na humahantong sa malalang respiratory failure.

Tukuyin ang isa o higit pang mga klinikal na kondisyon na nakakapagpahina o nakakaapekto sa kakayahang mamuhay nang pangkaraniwan sa araw-araw.

Mga sakit sa utak at 'stroke'

- ☐ Patuloy na paglubha ng kalagayan ng katawan o pag-iisip sa kabila ng nagagawang gamutan.
- ☐ Patuloy na paghirap sa pananalita at sa paglunok.
- ☐ Mga pagkakataon o insidente ng aspiration pneumonia; pati na rin ang labis na pagkahapo o paglubha ng kondisyon ng paghinga.
- ☐ Patuloy na kapansanan na may patuloy na paglala ng pisikal at/o mental na kalagayan matapos ang isang malubhang stroke o mga sunud-sunod na stroke, sa kabila ng naaangkop at pinakamainam na rehabilitasyong magagamit.

Sakit sa Bato o Kidney

- ☐ Stage 4 o 5 ng matagalang sakit sa bato o kidney (Chronic kidney disease) kasabay ng lumalalang kalagayan ng kalusugan.
- ☐ Malubhang sakit sa kidney o bato na nagpapalala pa ng iba pang mga matinding karamdaman o nagpapakumpikado sa mga isinasagawang gamutan.
- ☐ Pagtigil o hindi pagsisimula ng dialysis.

Sakit sa Atay

- ☐ Sakit na cirrhosis o pilat sa atay na may kasamang isa o higit pang komplikasyon sa nakaraang isang taon:
 - Ascites o pagkaipon ng tubig sa tiyan na hindi na nababawasan sa kabila ng paginom ng gamot na pampaihi.
 - Hepatic encephalopathy o malubhang epekto sa utak dahil sa sakit sa atay.
 - Mga komplikasyon sa kidney o bato dulot ng sakit sa atay.
 - Bacterial peritonitis o pamamaga ng tiyan dahil sa impeksyon.
 - Variceal bleed o labis na pagdurugo mula sa naglalakihang mga ugat.

Mga Impeksyon

- ☐ Malubhang Tuberculosis o TB: patuloy na pagbagsak ng kalagayan ng kalusugan sa kabila ng pinakamainam na gamutan para rito.
- ☐ Human Immunodeficiency Virus o HIV: pagbagsak ng kalagayan ng kalusugan o pagkakaroon ng mga komplikasyon na hindi matugunan kahit ng pinakamainam na nagagawang gamutan para rito.
- ☐ Iba pang impeksyon na hindi gumagaling sa kabila ng pinakamainam na nagagawang gamutan at nagreresulta sa paglubha ng kalagayan ng kalusugan.

Mga kondisyon na nangangailangang operahan; trauma

- ☐ Matinding pagkasunog ng katawan na maaaring hindi na gagaling pa.
- ☐ Malubhang karamdaman na walang access sa kinakailangang operasyon o hindi makakakuha ng operasyon; malalang kalagayan ng kalusugan o kondisyon kung saan hindi kakayanin ng katawan ang sumailalim pa sa operasyon.
- ☐ Paglubha ng pinsala sa utak, kung saan wala nang benepisyo ang anuman o alinmang operasyon.

Iba pang mga kalagayan o sakit

- ☐ Patuloy na lumalala ang kalagayan dahil sa iba't ibang sakit sa katawan o isipan, may kasabay na maraming komplikasyon na hindi na magagamot, at kahit ang pinakamainam na gamutan ay hindi na inaasahang magbibigay ng magandang resulta.

Suriin ang kasalukuyang gamutan at pagpaplano sa pangangalaga.

- ☐ Suriin ang kasalukuyang gamutan at mga iniinom na gamot; tiyaking patuloy na nakatatanggap ng pinakaangkop at pinakamainam na gamutan; hangga't maaari, bawasan ang polypharmacy o ang sabay-sabay na paggamit ng maraming gamot.
- ☐ Suriin ang kabuuang pangangalaga: mga sintomas; emosyonal, sosyal, pinansyal, at espirital na mga pangangailangan. Suportahan ang mga pamilya at tagapag-alaga.
- ☐ Isaalang-alang ang pagsangguni para sa pagsusuri ng espesyalista sa palliative care (kung mayroon) at iba pang serbisyo ng mga espesyalista kapag ang mga problemang pangkalusugan ay nagiging komplikado o mahirap na ayusin.
- ☐ Makipagkasundo sa pasyente at kanilang pamilya tungkol sa kasalukuyan at mga susunod na plano tungkol sa kanilang pangangalaga. Talakayin nang maaga ang pagdedesisyon kung maaaring mawala ang kakayahang magpasya.
- ☐ Palagiang itala, ibahagi, at suriin ang mga plano sa pangangalaga.